BAKUNA SA HEPATITIS A

ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

1 Ano ang hepatitis A?

Ang hepatitis A ay isang seryosong sakit sa atay na sanhi ng hepatitis A virus (HAV). Ang HAV ay matatagpuan sa dumi ng mga taong may hepatitis A. Ito ay karaniwang ipinapasa sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan at kung minsan ay sa pamamagitan ng pagkain o pag-inom ng tubig na nagtataglay ng HAV.

Ang hepatitis A ay maaaring maging sanhi ng:

- banayad na sakit na "tulad ng trangkaso"
- jaundice (dilaw na balat o mga mata)
- matinding sakit ng tiyan at pagtatae

Ang mga taong may hepatitis A ay madalas na kailangang ipaospital (hanggang mga 1 tao sa 5).

Kung minsan, ang hepatitis A ay nagiging sanhi ng kamatayan (mga 3-5 ang namamatay sa bawa't 1,000 na mga kaso).

Madaling naipapasa ng isang taong may hepatitis A ang sakit sa ibang mga tao sa loob ng iisang sambahayan.

Ang bakuna sa hepatitis A ay nakakapigil sa hepatitis A.

2 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna sa hepatitis A at kailan?

SINO?

May mga tao na dapat bakunahan ng bakuna sa hepatitis A:

- Lahat ng batang 1 taong (12 hanggang 23 na buwan) gulang.
- Ang mga taong 1 taong gulang at mas matanda na naglalakbay sa mga bansang may mataas o hindi gaanong mataas na paglalaganap ng hepatitis A, tulad ng mga nasa Gitna o Timog America, Meksiko, Asya (maliban sa Hapon) Aprika, at silangang Europa. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang **www.cdc.gov/travel**.
- Ang mga bata at adolesente hanggang 18 na taong gulang na naninirahan sa mga estado o komunidad kung saan ang karaniwang pagbabakuna ay isinagawa na dahil sa mataas na paglaganap ng sakit.
- Mga lalaking nakikipagtalik sa lalaki.
- Mga taong gumagamit ng mga droga ng kalye.
- Mga taong may sakit sa atay na hindi gumaling-galing.
- Mga taong ginagamot ng "clotting factor concentrates."
- Mga taong nagtratrabaho sa mga primate na naimpeksiyon ng HAV o nagtratrabaho sa HAV sa mga laboratoryo ng pananaliksik.

Ang ibang mga tao ay maaaring tumanggap ng bakuna sa hepatitis A sa mga natatanging kalagayan:

- Ang bakuna sa hepatitis A ay maaaring irekomenda para sa mga bata o adolesente sa mga komunidad na lumalaganap ang hepatitis A.

Ang bakuna sa hepatitis A ay hindi lisensiyado para sa mga batang wala pang 1 taong gulang.

KAILAN?

Para sa mga bata, ang unang dosis ay dapat ibigay sa gulang na 12-23 na buwan. Ang mga bata na hindi pa binabakunahan pagdating ng 2 taong gulang ay maaaring bakunahan sa mga susunod na pagbisita.

Para sa mga naglalakbay, ang serye ng bakuna ay dapat simulan nang hindi kukulangin ng isang buwan bago ang paglalakbay upang mabigyan ng pinakamabuting proteksiyon.

> Ang mga taong nagpapabakuna nang kulang sa isang buwan bago maglakbay ay maaari ring makakuha ng iniksiyon na tinatawag na immune glubulin (IG). Ang IG ay nagbibigay ng kaagad, pansamantalang proteksiyon.

Para sa mga iba, ang mga serye ng hepatitis A na bakuna ay maaaring simulan tuwing ang isang tao ay nanganganib na maimpeksiyon.

Kailangan ng **dalawang dosis** ng bakuna para sa nagtatagal na proteksiyon. Ang mga dosis na ito ay dapat ibigay na may 6 na buwang pagitan.

Ang bakuna sa hepatitis A ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

3 May mga tao na hindi dapat tumanggap ng bakuna sa hepatitis A o dapat maghintay

- Sinumang nagkaroon na ng malubhang (nagbanta sa buhay) **reaksiyong alerhiya sa naunang dosis** ng ng

bakuna sa hepatitis A ay hindi dapat tumanggap ng isa pang dosis.

- Sinumang nagkaroon ng malubhang (nagbanta sa buhay) **alerhiya sa anumang sangkap ng bakuna** ay hindi dapat tumanggap ng bakuna. Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay may malubhang alerhiya. Ang lahat ng mga bakuna ng hepatitis A ay nagtataglay ng alum at ilang mga bakuna ng hepatitis A ay nagtataglay ng 2-phenoxyethanol.
- Sinumang may **kainaman o malubhang sakit** sa oras na nakatakda ang iniksiyon ay dapat maghintay hanggang sa gumaling. Itanong sa iyong doktor o nars. Ang mga taong may **banayad na sakit** ay karaniwang nakakatanggap ng bakuna.
- Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay **buntis**. Ang pagiging ligtas ng bakuna sa hepatitis A para sa mga buntis ay hindi pa natitiyak. Pero walang ebidensiya na ito ay nakakapinsala sa mga buntis na babae o sa kanilang mga hindi pa isinisilang na beybi. Ang panganib, kung mayroon, ay ipinapalagay na napakaliit.

4 Ano ang mga panganib mula sa bakuna sa hepatitis A?

Ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging sanhi ng mga seryosong problema, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya. Ang panganib na ang bakuna sa hepatitis A ay maging sanhi ng seryosong pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

Ang pagtanggap ng bakuna sa hepatitis A ay mas ligtas kaysa pagkakaroon ng sakit.

Mga banayad na problema

- pananakit kung saan ibinigay ang iniksiyon *(mga 1 sa 2 may sapat na gulang na, at hanggang 1 sa 6 na mga bata)*
- sakit ng ulo *(mga 1 sa 6 na may sapat na gulang na at isa sa 25 na mga bata)*
- pagkawala ng ganang kumain *(mga 1 sa 12 na bata)*
- pagkahapo *(mga 1 sa 14 na may sapat na gulang na)*

Kung mangyari ang mga problemang ito, ang mga ito pangkaraniwang tumatagal ng 1 o 2 araw.

Mga malubhang problema

- seryosong reaksiyong alerhiya, sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkaraan ng iniksiyon *(labis na bihira)*

5 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago sa asal. Sa mga tanda ng seryosong reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamalat o paghuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa iyong doktor kung ano ang nangyari, at petsa at oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa iyong doktor, nars, o kagawaran ng kalusugan na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) form.

  O puwede kang magharap ng ulat sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov., o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

  Ang VAERS ay hindi nagkakaloob ng payong paggamot.

6 Ang Pambansang Programa ng Kompensasyon para sa mga Napinsala sa Bakuna

Sa pagkakataon na ang iyong anak ay nagkaroon ng malalang reaksiyon sa bakuna, isang programang pederal ay nalikha na upang tulungan kayong magbayad para sa pangangalaga sa mga taong nasaktan na.

Para sa mga detalye ng Pambansang Programa ng Kompensasyon para sa mga Napinsala sa Bakuna (National Vaccine Compensation Program), tumawag sa 1-800-338-2382 o bisitahin ang kanilang website sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

7 Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Magtanong sa iyong doktor o nars. Sila ay puwedeng magbigay sa iyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-alam sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
  - Bisitahin ang mga website ng CDC sa **www.cdc.gov/hepatitis** o **www.cdc.gov/nip**

Vaccine Information Statement
Hepatitis A IMM-502 - Tagalog (3/21/06) 42 U.S.C. § 300aa-26
Translated by Transcend Translations, Davis, CA www.transcend.net

DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
NATIONAL IMMUNIZATION PROGRAM